| | | *Technology Integration* |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | **Sunshine L. Bañez** | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang 10<br>Ikalawang Markahan: Aralin 8 | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 8.1 Naipapaliwanag ang mga hakbang sa moral na pagpapasiya | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nakapagsusuri ng mga kilos na may moral na pagpapasiya<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Napahahalagahan ang mga hakbang na may moral na pagpapasiya<br>SAYKOMOTOR:<br>• Naitatala ang mga hakbang na may moral na pagpapasiya | |
| **PAKSA** | Mga yugto ng makataong kilos at mga hakbang sa moral na pagpapasiya | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Moral na Pagpapasiya | |
| **MGA SANGGUNIAN** | https://www.slideshare.net/MelancholySun/grade-10-esp-lm-yunit-2<br>August 29, 2015 Grade 10 esp lm yunit 2, LinkedIn SlideShare<br>https://www.lucidchart.com/<br>https://www.typeform.com/<br>https://www.gliffy.com/<br>https://www.creately.com/<br>http://www.surveymonkey.com/<br>https://buncee.com/<br>https://easel.ly.com/ | |
| **MGA KAGAMITAN** | Projector, laptop, speaker, wifi/internet, whiteboard, marker | |

<table>
<tr>
<td>GAWAIN</td>
<td>Panuto:
<ol>
<li>Mag-isip ng mga sitwasyon sa iyong buhay na hindi mo makalimutan. Isulat kung paano ka nagpasiya at nagpakita ng maktaong kilos sa bawat sitwasyon.</li>
<li>Punan ang hanay sa ibaba. Gabay moa ng halimbawa.</li>
<li>Isulat sa iyong kuwaderno ang sagot.</li>
<li>Ibahagi sa iyong katabi ang nilalaman ng iyong sagot.</li>
</ol>
</td>
<td>Lucidchart.com</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr>
<td>Sitwasyon sa buhay na nagsagawa ng pasiya</td>
<td>Kilos na isinasagawa</td>
<td>Epekto ng isinagawang pasiya</td>
<td>Mga realisasyon</td>
</tr>
<tr>
<td>Hal. Blg. 1<br>Niyaya ng kaibigan na mag-cutting classes.<br><br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.</td>
<td>Hindi sumama at pinili na pumasok sa klase.</td>
<td>Naunawaan ang tinalakay ng guro at nakakuha ng pasang marka sa pagsusulit sa araw na iyo.</td>
<td>Ang realisasyon ko ay mas makabubuti na piliin ang pagpasok sa klase dahil may mabuti itong maidudulot sap ag-abot ko ng aking pangarap at tungihin sa buhay.</td>
</tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>PAGSUSURI</td>
<td>
<ol>
<li>Sa kabuuan, ano-ano ang natuklasan mo sa iyong isinagawang mga kilos at pasiya sa mga sitwasyon?</li>
<li>Sa iyong palagay, bakit naging mabuti o masama ang epekto ng iyong kilos at pasiya?</li>
<li>May kinalaman baa ng pasiya ng tao sa kilos na kaniyang isasagawa? Ipaliwanag.</li>
</ol>
</td>
<td>Typeform.com</td>
</tr>
<tr>
<td>PAGPAPALALIM</td>
<td>Mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya
<ul>
<li>Sa yugto ng iyong buhay sa ngayon, napakahalaga na dumaan ka sa proseso bago ka magsagawa ng pagpapasiya. Makatutulong sa iyo ang proseso ng pakikinig (listen process). ito ay isang malalim na pagkaunawa gamit ang tamang konsensiya.ito rin ang magsisilbing gabay sa mga sitwasyon na kinakaharap mo sa ngayon at mula rito matutunan mon a ang moral na pagpapasiya ay isang kakayahan na may malaking kontribusyon sa anumang moral na dilemma.</li>
</ul>
</td>
<td>Gliffy.com</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Narito ang mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya:<br>1. Magkalap ng Patunay (Look for the facts)<br>• Mahalaga na sa unang hakbang pa lamang ay tanungin mo na agad ang iyong sarili. Naririto ang mga halimbawa ng tanong:<br>- Anong patunay ang aking kailangan malamn upang makagawa ng mauting pasiya?<br>- Ano baa ng nangyayari sa sitwasyon<br>- Bakit ito nangyayari?<br>- Sino-sino ang taong kasali o kasangkot?<br>- Bakit sila napasali sa sitwasyon?<br>- Saan nangyariang sitwasyon?<br><br>2. Isaisip ang mga posibilidad (Imagine possibilities)<br>• Mahalaga na tignang mabuti ang mga posibilidad na mga pagpipiliang magagawa para sa sitwasyon. Dito ay kailangang makita kung ano ang mabuti at masamang kalalabasan nito. Ano ang maaaring maging epekto nito hindi lamang sa sarili kundi parasa ibang tao.<br><br>3. Maghanap ng ibang kaalaman (Seek insight beyond your own)<br>• Hindi sa lahat ng oras o pagkakataon ay alam moa ng mabuti . kailngan mo pa ring maghanap ng mga magagandang kaalaman na maaaring makapagbigay sa iyo ng inspirasyong makagawa ng tamang pagpapasiya. Halimbawa, maaari mong tanungin ang iyong sarili. Ito ba ang nai ng diyos na gawin ko? Ito ba ay naaayon sa kaniyang kautusan?<br><br>4. Tignan ang kalooban (Turn inward)<br>• Ano ang sinasabi sa iyo ng iyong kalooban tungkol sa sitwasyon? Ano ang sinasabi ng iyong konsensiya? Ano ang personal mong nararamdaman ukol sa sitwasyon? Ang lahat ng katanungan ay kailangan mong sagutin sapagkat sa anumang pasiya na iyong gagawin, kailangan na ikaw ay magiging masaya.<br><br>5. Umasa at magtiwala sa tulong Diyos (Expect and trust in God’s help)<br>• Tanging ang Diyos lamang ang nakakaalam ng pinakamabuti para sa atin, kaya’t napakahalaga na tumawag sa kaniya sa pamamagitan ng panalangin. Ito ang pinakamabisang paraan upang malaman kung ano ang magandang plano niya para sa atin. Itorin ang magsisilbing lakas na magagamit sa sandaling dumaranas sa mahirap na sitwasyon.<br><br>6. Magsagawa ng pasiya (Name your decision)<br>• Dito ay magsasagawa ka na ng pagpapasiya. Maaari | |

| | | |
|---|---|---|
| | mong tanungin ang iyong sarili kung bakit mo ito pinili. Ano ang iyong mga plano sa iyong ginawang pagpili? Ikaw ba ay masaya rito? Ito ba ay batay sa moral na pamantayan? Makatutulong ang mga tanong na ito upang kung mayroon ka pang agam-agam o pahkalito sa iyong pipiliin, ay mapagnilayan mo itong mabuti.<br><br>Bilang kabataang katulad mo, napakanilis ng araw para sa iyo, kung kaya't napakabilis din ang pagsasagawa ng pasiya. Lagi mong tatandaan na sa lahat ng nilikha ng Diyos, ang tao lamang ang binigyan niya ng isip at kilos-loob. Ito ay para gamitin sa pagsasagawa ng mabuting pasiya at kilos na nagpapakita ng pagmamahal hindi lamang sa kapuwa kundi lalo't higit sa Diyos.<br><br>Samagulong mundo na iyong ginagalawan, makatutulong para sa iyo na kung ikaw ay magpapasiya, ikaw ay manahimik. Damhin moa ng presensiya ng Diyos upang ikaw ay makapag-isip mabuti at matimbang ang mga bagay-bagay. Makatutulong ito sa iyo upang lubusan mong malaman at mapagnilayan kung ano ang makabubuti para sa iyo, sa kapuwa at sa lipunan. | |
| **PAGLALAPAT** | *Panuto:*<br>1. Isipin ang mga maling pasiya na naisagawa sa sumusunod: pamilya, kaibigan, pag-aaral, baranggay, at simbahan. Isulat ito sa unang hanay.<br>2. Isulat naman sa pangalawang hanay kung paano mo ito iwawasto.<br>3. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>Maling pasiyang naisagawa Paano ito iwawasto?<br>1. Sa pamilya<br>2. Sa kaibigan<br>3. Sa pag-aaral<br>4. Sa baranggay<br>5. Sa simbahan | Creately.com |
| **PAGSUSULIT** | Pagsusulit na may Pagpipilian:<br>1. Ito ang pinakamabisang paraan upang malaman kung ano ang magandang plano niya para sa atin.<br>2. Hindi sa lahat ng oras o pagkakataon ay alam moa ng mabuti . kailngan mo pa ring maghanap ng mga magagandang kaalaman na maaaring makapagbigay sa iyo ng inspirasyong makagawa ng tamang pagpapasiya.<br>3. Mahalaga na sa unang hakbang pa lamang ay tanungin mo na agad ang iyong sarili.<br>4. Dito ay magsasagawa ka na ng pagpapasiya. Maaari | Surveymonkey.com |

<table>
<tr><td></td><td>mong tanungin ang iyong sarili kung bakit mo ito pinili.<br>5. Ang lahat ng katanungan ay kailangan mong sagutin sapagkat sa anumang pasiya na iyong gagawin, kailangan na ikaw ay magiging masaya.<br><br>Mga tamang sagot:<br>1. Umasa at magtiwala sa tulong Diyos (Expect and trust in God’s help)<br>2. Maghanap ng ibang kaalaman (Seek insight beyond your own)<br>3. Magkalap ng Patunay (Look for the facts)<br>4. Magsagawa ng pasiya (Name your decision)<br>5. Tignan ang kalooban (Turn inward)</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>Pagsusulit na ginagamitan ng Pagpapaliwanag:<br>Panuto: Balikan muli ang isang karanasan sa iyong buhay na labis mong pinagsisihan dahil sa maling pasiya. Isulat kung ano-ano ang iyong natutuhan mula rito.<br><br>Ang aking karanasan na hindi ko malilimutan ay….<br><br>Ang aking natutuhan mula rito ay…..</td><td>Buncee.com</td></tr>
<tr><td>TAKDANG ARALIN</td><td>Gawain 7<br>Panuto:<br>1. Bumuo ng tatlong plano sa pagpapasiyang gagawin sa mga susunod na araw.<br>2. Isulat ang mga pasiya ng gagawin at kung paano isasabalikat ang pananagutan nang sa gayon ay magbunga ng makataong pagkilos.<br>3. Isulat sa ikatlong kolum ang maaaring mangyari kung sakaling hindi magiging mapanagutan sa gagawing pasiya.<br>4. Ipakita sa magulang ang ginawang plano at ipasulat sa kanila ang kanilang puna at payo.<br>5. Palagdaan ito sa kanila.<br><br><table><tr><td>Mga pasiyang gagawin</td><td>Paano isasabalikat ang pananagutan</td><td>Ano ang mangyayari kung hindi magiging mapanagutan sa gagawing pasiya?</td><td>Puna at payo ng magulang</td></tr></table></td><td>Easel.ly.com</td></tr>
</table>

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1.<br><br>2.<br><br>3. | | | | | |